**Pag-Ambag ng Pilipinas sa Pondong Pampautang**
**ng International Monetary Fund**
**Mga Karaniwang Katanungan**
**(*Frequently Asked Questions*)**

---

1. ***Ano ang International Monetary Fund (IMF)?***

   Ang International Monetary Fund (IMF) ay samahan ng 188 na bansa na nagtutulong-tulong upang maisulong ang pangkalahatang kooperasyon sa pananalapi, mapanatili ang pampananalaping kaayusan ng buong mundo, at mapadali ang pandaigdigang kalakalan.

2. ***Ano ang pangunahing layunin ng IMF?***

   Layunin ng IMF na tiyakin ang pampinansyal na kaayusan sa buong daigdig. Isinasagawa ito ng IMF sa tatlong pamamaraan:

   (a) pagsubaybay sa pandaigdigang ekonomiya at ng mga kasaping bansa nito;
   (b) pagpapautang sa mga bansa na may suliranin sa panlabas na transaksyon (*balance of payments difficulties*); at,
   (c) pagbibigay ng tulong teknikal sa mga kasapi nito.

3. ***Ano ang papel na ginagampanan ng IMF sa paglutas ng krisis sa Europa?***

   Bunga ng lumulubhang krisis sa Europa, pinagtibay ng IMF ang kakayanan nitong magpautang. Noong Enero 2012, nagsikap itong makalikom ng 600 bilyong dolyar upang matiyak na may sapat itong pondo para sa mga kasapi nito (kabilang na ang Pilipinas) at upang mapigilan ang paglaganap ng krisis sa Europa sa ibang bahagi ng mundo.

   Naging mainit ang pagtugon ng mga kasapi ng IMF sa panawagan nitong makalikom ng pondo kung saan ang halaga ng pangakong ipapautang ng mga kasapi nitong bansa ay umabot sa 456 bilyong dolyar noong ika-19 ng Hunyo 2012. Ang mga nalikom ng pondong pampautang (*loan resources*) ay gugugulin lamang upang mapigilan ang paglaganap ng krisis sa Europa at upang malutas ito. Kung sakaling may bansang mangangailangang gumamit ng nasabing pondo, ito ay ibabalik ng IMF sa pinagkautangan na may patong na interes.

4. ***Ano ang batayan ng IMF upang anyayahan ang kasapi nitong bansa na mag-ambag sa pondong pagpapautang (loan resources)?***

   Tanging mga kasaping bansa ng IMF, o mga institusyong pinansyal nito, na mayroong matatag na katayuan sa pandaigdigang ekonomiya (*strong external position*) ang inaanyayahan ng IMF na mag-ambag sa pondo na kanilang ipauutang. Ito ay bilang pagkilala sa katatagan ng pangkabuuang ekonomiya *(strength of macroeconomic fundamentals)* ng isang bansa, kabilang na ang maayos na pagsasagawa ng mga

transaksyong panlabas at matatag na katayuan sa pandaigdigang ekonomiya (*strong balance of payments* at *external position)*.

5. ***Bakit nangako ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na mag-ambag ng pondong pampautang ng IMF?***

Ang pangako ng BSP na maglagak ng isang bilyong dolyar sa pondong pampautang ng IMF ay nagpapakita ng pakikiisa ng Pilipinas sa pagpapanatili ng katatagan ng pandaigdigang ekonomiya at ng pagpapalago nito. Bilang kasapi ng samahan ng mga bansa tulad ng IMF, ang Pilipinas ay makikinabang din kung matitiyak ang katatagan ng pandaigdigang ekonomiya at pananalapi. Bukod dito, isa ang Europa sa rehiyong nag-aangkat ng pinakamaraming kalakal o produkto (*exports*) mula sa Pilipinas at pinagmumulan ng pinakamalaking halaga ng perang-padala (*remittances*) mula sa mga Pilipinong naghahanap-buhay at naninirahan (*overseas Filipinos*) doon. Kung hindi malulutas ang krisis sa Europa, maaaring mabawasan ang pangkahalatang kita ng Pilipinas mula sa mga produktong inaangkat gayundin sa mga salaping padala (*remittances*) dito.

Ang paglagak ng isang bilyong dolyar sa pondong pampautang ng IMF ay maaari ding ituring na isang paraan ng pagpapalago ng kita ng BSP mula sa nalikom nitong salaping banyaga (*foreign exchange* tulad ng dolyar, yen, *pound sterling* at iba pa) na maaaring kumita ng interes kung sakaling may mangailangang bansa at mangutang sa IMF.

6. ***Obligado ba ang Pilipinas na magpahiram sa IMF?***

Hindi. Ang pangako ng BSP na maglagak ng isang bilyong dolyar sa pondong pampautang ng IMF ay bunga ng masusing pagsasa-alang-alang ng mga sumusunod:

(a) Kakayahan na magpahiram ng BSP;
(b) Batayang-legal sa pagpapahiram sa IMF;
(c) Maaaring idulot sa kita (*risk-return profile of investments*) ng BSP sa mga nalikom na *foreign exchange*; at,
(d) Iba pang kaaakibat na mabuti at di mabuting dulot ng pagpapautang sa IMF.

7. ***Bakit US$1 bilyon ang halagang kailangang i-ambag? Maaari bang mas mababa o mas mataas dito?***

Ang isa sa pinakamahalagang pamantayang isinaalang-alang ng BSP sa pagtatalaga ng halagang ipapahiram sa pondong pampautang ng IMF ay ang kakayahan ng BSP na maglaan ng nasabing halaga batay sa nalikom nitong *gross international reserves* o GIR.[1] Ayon sa talaan ng BSP noong katapusan ng Hulyo 2012, ang halaga ng GIR ay nananatiling sapat para sa pangangailangan ng bansa.

[1] Ang GIR ay higit na ipapaliwanag sa Tanong Bilang (Blg.) 11.

Sa usapin ng halaga na ilalagak sa pondong pampautang ng IMF, 37 bansa na ang nagpahayag na maglalagak ng kabuuang 456 bilyong dolyar sa pondong pampautang ng IMF kung saan ang Malaysia, Thailand at Pilipinas ay nangako nang mag-ambag ng tig-iisang bilyong dolyar sa nasabing pondo. Ang isang bilyong dolyar ay kumakatawan sa 1.3 bahagdan o porsyento ng GIR ng Pilipinas. Gayong mas malaki ang GIR ng Malaysia at Thailand kung ihahalintulad sa Pilipinas, mas nakahihigit din ang utang (bilang bahagdan ng pangkahalatang halaga ng mga produktong ginawa sa loob ng bansa o gross domestic product [GDP]) ng Malaysia (33 bahagdan) at Thailand (31 bahagdan) kung ihahalintulad sa Pilipinas (29 bahagdan). Ipinahihiwatig nito na ang Pilipinas ay may matatag na katayuan sa pandaigdigang ekonomiya (*stronger external position*) at may kakayahan din maglagak sa pondong pampautang ng IMF tulad ng Malaysia at Thailand.

8. ***Sino ang may kapangyarihang magpahintulot sa BSP na maglagak ng isang bilyong dolyar na pondong pampautang ng IMF? Ano ang legal na batayan nito ?***

Ang Section 75 ng Republic Act (R.A.) No. 7653 o ang tinatawag na *The New Central Bank Act* ang nagbibigay ng batayang legal sa BSP na magbigay at tumanggap ng mga pautang sa mga bangko at iba pang institusyon sa ibayong dagat, mapa-publiko man o pribado, at mangasiwa sa pakikipagtransaksyon sa huli na naaayon sa kapakanan ng Pilipinas at sa katalagahan ng BSP bilang pangunahing tagapangasiwa ng pananalapi ng buong bansa. Alinsunod dito, pinahintulutan ng Monetary Board—ang pinakamataas na kapangyarihang nagsasakatuparan ng mga tungkulin ng BSP—ang pag-ambag sa pondong pampautang ng IMF. Bilang pagsunod sa panuntunan ng IMF sa mga kasapi nito ukol sa pagpapautang, ang pagsang-ayon ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas sa pagpapahiram ng pondo sa IMF ay pinagkaloob sa BSP noong ika-18 ng Hunyo 2012.

9. ***Ano ang mapapakinabang ng Pilipinas sa pagpapautang sa IMF ?***

Gaya ng nabanggit sa kasagutan sa Tanong Blg. 3, ang IMF ay magbabayad ng kaukulang interes sa isang bilyong dolyar na ipinangakong ipapautang ng Pilipinas. Ang nasabing interes ay nasa 0.09 porsyento bawat taon (1 Agosto 2012). Nakatitiyak ang Pilipinas na mababayaran ang nasabing pautang bunsod ng mataas na pagkilala sa kakayahang pinansyal ng IMF at ng pagtangilik ng 188 na bansang kasapi nito.

Bukod sa maaaring kitain ng Pilipinas sa pagpapautang sa IMF, ang Pilipinas ay magkakaroon din ng pagkakataong makiisa sa pagpapanatili ng katatagan ng pandaigdigang ekonomiya at sa pagpapalago nito, tulad ng nasaaad sa Tanong Blg. 5.

Hindi lamang mga pinansyal na pakinabang ang makukuha ng Pilipinas sa pagpapautang sa IMF tulad ng mga sumusunod:

(a) Pagpapakita ng matatag na katayuan ng Pilipinas sa pandaigdigang ekonomiya (*strong external position*);

(b) Posibilidad na mabigyan ng mas mataas na antas o grado ang kakayahang pinansyal ng bansa (*credit rating upgrades*);
(c) Pagpapakita ng pagtulong sa mga bansang dumaranas ng krisis sa ekonomiya; at,
(d) Pagpapahayag ng pakikiisa sa pagsisikap ng IMF na matugunan ang pandaigdigang krisis sa pananalapi.

10. ***Saan magmumula ang salaping iaambag ng Pilipinas sa pondong pampautang ng IMF?***

Ito ay magmumula sa GIR (tatalakayin sa susunod na katanungan) na pinangagasiwaan ng BSP at hindi sa kabang-yaman ng Pamahalaan (*National Government budget*). Samakatuwid, ang kabuuang halaga ng kabang-yaman ng Pamahalaan at ng GIR ng BSP ay hindi mababawasan. Tanging ang komposisyon ng GIR ng BSP ang magbabago.

Itinatagubilin ng Section 65 ng R.A. No. 7653 na kailangang panatilihin ng BSP na sapat ang GIR upang matugunan ang hindi inaasahang pangangailangan sa banyagang salapi (*foreign exchange*) ng Pilipinas at upang matiyak ang katatagan ng piso, pati na rin ang kaayusan sa palitan nito. Ang GIR ay iniimpok ayon sa tagubilin na tanging matataas na antas na kasangkapang pananalapi mula sa ibayong dagat (*highly-rated financial instruments of non-residents*) ang mabibilang dito. Ang isang bilyong dolyar na ipinangakong ipapautang ng Pilipinas sa IMF ay naaayon sa pinakamahalagang panuntunan sa pamamahala ng GIR, at ito ay ang pagpapanatili ng halaga ng kapital nito.

11. ***Ano ang gross international reserves o GIR? Paano ito nalilikom ng BSP?***

Ang GIR ay ang mga pampinansyal na pag-aari na nalilikom mula sa mga transaksyong panalabas ng Pilipinas at ng mga mamayan nito (o tinatawag *na foreign assets*) na nasa pamamahala ng BSP. Binubuo ito ng pampananalaping ginto (*monetary gold*), *foreign exchange* (gaya ng nabanggit sa Tanong Blg. 5) at iba pang panlabas na singilin (*claims in foreign currency*). Ang BSP ay nakakalikom ng GIR sa pamamagitan ng :

(a) Pagbili ng *foreign exchange*;
(b) Pagpapalago ng kita sa pag-iimpok ng *foreign assets* (*income from investments in foreign assets*); at,
(c) Pagbili ng ginto at paglikom ng karagdagang kita mula sa pag-akyat ng halaga nito.

12. ***Paano karaniwang ginugugol ang GIR*?**

Gaya ng ipinahihiwatig ng pangalan nito, ang *gross international reserves* o GIR, sa pamamahala ng BSP, ay nakalaang gamitin kung sakaling ang bansa ay makaranas ng kakulangan sa *foreign exchange*. Kailangang tiyakin na sapat ang GIR upang maiwasan ang nangyaring *Asian financial crisis* ng 1997-98 kung saan bumaba ng

husto ang halaga ng salapi ng mga bansa sa Asya (kasama ang piso) sa pandaigdigang pamilihan dahil sa kakulangan ng *foreign exchange*.

13. ***Kabilang ba sa GIR ang perang-padala ng mga Pilipinong naghahanap-buhay at naninirahan sa ibang bansa (OF remittances)? Kung ganoon, hindi ba't may karapatan ang mga OFs na magpasya kung saan gagamitin ang kanilang perang-padala?***

Ang *OF remittances*—tulad ng ibang pinagmumulan ng dayuhang salapi na pumapasok sa Pilipinas (*foreign exchange inflows*) gaya ng pag-aangkat ng kalakal sa ibang bansa (*exports*), turismo at pamumuhunan ng mga dayuhan sa Pilipinas (*foreign direct and portfolio investments*)—ay nagiging bahagi ng GIR kung ito ay papapalitan o ilalagak sa mga bangko at bibilhin ng BSP sa pangangasiwa nito ng kaayusan ng pananalapi at pagpigil sa mabilis na galaw ng mga bilihin. Ang mga OFs ay malayang nakapagpapasya kung ang kanilang *remittances* ay papalitan o ilalagak sa bangko.

Kinikilala ng BSP ang malaking ambag ng *OF remittances* sa paglago ng GIR at ng ekonomiya ng bansa sa pangkalahatan. Sa katunayan, isa sa mga pangunahing adhikain ng BSP ay ang pagtulong sa ating mga manggagawang nangingibang-bansa, pati ang kanilang pamilya, na mapaghandaan ang kanilang kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman ukol sa wastong pamamahala ng perang-padala.

14. ***Ano ang dagliang idudulot (immediate effect) ng pangako ng Pilipinas na mag-ambag sa pondong pampautang ng IMF?***

Tulad ng nasasaad sa Tanong Blg. 10, tanging ang komposisyon ng GIR ang magbabago—hindi ang kabuuang halaga nito o ng kabang-yaman ng Pamahalaan—kung sakaling may bansang gagamit ng inambag ng Pilipinas sa pondong pampautang ng IMF.

15. ***Ano ang kaibahan ng pondo ng Pamahalaan sa pondo ng BSP? Hindi ba iisa ang kanilang pinagmulan, ang buwis na binabayaran ng mamamayan?***

Ang pangunahing pinagmumulan ng pondo ng Pamahalaan ay ang buwis na binabayaran ng mga mamamayan samantalang ang pondo ng BSP ay nanggagaling sa kinikita nito sa pag-iimpok at pamumuhunan (*investments*), mga kaukulang bayad na sinisingil nito (*supervisory fees*) at iba pang kita (*miscellaneous income*). Ang GIR ay kabilang sa kabuuang pag-aari o *assets* ng BSP.

16. ***Bakit hindi na lang ilagak ang US$1 bilyon pangakong ambag ng Pilipinas sa pamamaraang mas malaki ang kikitain?***

Isa sa pinakamahalagang panuntunan sa pamamahala ng GIR ay nararapat na nakahanda ito kung kakailanganin o kung may napipintong krisis. Ang isang bilyong pangakong ambag ng Pilipinas ay naaayon sa nasabing panuntunan kung saan ang halagang ito ay mistulang iniimpok sa isang ligtas at napagakakatiwalaang

pamamaraan at kumikita ng tamang interes. Bukod dito, hindi lamang pampananalaping pakinabang ang makukuha ng Pilipinas gaya ng mga nabanggit sa Tanong Blg. 9.

17. ***Bakit nag-aambag ang BSP sa pondong pampautang ng IMF gayong higit sa 26.5 na bahagdan ng mga Pilipino ay mahihirap?***

Batid ng BSP ang kahirapan sa bansa. Tinutugunan ito ng BSP sa pamamagitan ng pagtupad sa tungkulin nitong panatilihin ang presyo ng bilihin at sa pagsulong sa mga pangunahing adhikain nito tulad ng *microfinance*. Gayunpaman, ang hayagang pagtugon sa kahirapan sa bansa ay pinangungunahan ng Pamahalaan na may nakalaan na pondo para sa layuning ito. Sa kabilang dako, ang pag-ambag ng BSP sa pondong pampautang ng IMF ay maituturing ding isang paraan ng pagtulong sa mahihirap sapagkat anumang kikitain nito ay ibabahagi sa Pamahalaan na siyang gagamitin ng huli sa mga makabuluhang proyektong panlipunan.

18. ***Maaari bang gamitin ang GIR sa pagbabayad ng utang ng Pamahalaan? O kaya'y gugugulin sa mga pang-imprastrakturang proyeto (infrastructure projects) nito?***

Gayong ang BSP ang naatasang maging tagapagpayo sa pananalapi ng Pamahalaan ayon sa Section 110 at Section 123 ng *The New Central Bank Act*, hindi nakapaloob sa nasabing batas na ang BSP ay nararapat tumugon sa pangagailangan sa salaping banyaga (*foreign exchange requirements*) ng Pamahalaan. Gayunpaman, nakahanda ang BSP na tumugon sa pangangailangan ng Pamahalaan kung bibili ito ng salaping banyaga upang ipambayad sa pagkakautang.

Ipinagbabawal naman ng Section 128 ng *The New Central Bank Act* ang pagtustos ng BSP sa mga proyektong pangkaunlaran (*development financing*).

19. ***Bakit hindi isinangguni sa sambayanan ang pag-aambag ng Pilipinas sa pondong pampautang ng IMF?***

Ang pagpapasya ng BSP na magpautang sa IMF, na sinang-ayunan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ay napapaloob sa batas na nag-uutos sa BSP na pangasiwaan ang nalikom nitong GIR (Section 65 ng *The New Central Bank Act*).

20. ***Paano makakapagpautang ang BSP gayong nagtala ito ng pagkalugi noong 2011?***

Ang BSP ay nagtala ng pagkalugi bunsod ng pagtupad sa tungkulin nitong pigilin ang mabilis na paggalaw ng mga bilihin at itaguyod ang pambansang ekonomiya.

21. ***Maaari bang magtalaga ang Pilipinas ng mga kondisyon sa IMF o sa bansang gagamit sa pondong pampautang nito?***

Ang pag-aambag ng Pilipinas sa pondong pampautang ng IMF ay may mga kaakibat na kondisyon (gaya ng kahandaan ng halagang inambag kung sakaling Pilipinas ang mangangailangan nito o *availability*, tagal ng panahon ng pagbabayad o *repayment*

*period*, hangganan ng pag-aambag o *limit of commitment*, at iba pa) na naaayon sa alituntunin ng BSP sa pamamahala ng GIR.

22. ***Maaari bang bawiin ng Pilipinas ang inambag kung may mga kailangan itong bayaran sa mga transaksyong panlabas (balance of payments o BOP needs)?***

Oo. Ibabalik ng IMF ang inambag ng Pilipinas kung makaranas ito ng suliranin sa mga transaksyong panlabas.

23. ***Kung ang BSP ay isang tanggapan ng Pamahalaan na may kasarinlan (autonomous government body), sino ang may kapangyarihang sumuri dito?***

Gayong walang nag-iisang sangay ng Pamahalaan na hayagang nakapangyayari sa BSP, ito ay nananagot sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas at sa Mababa at Mataas na Kapulungan (*Lower and Upper Houses of Congress*). Itinatagubilin ng batas na ipagbigay-alam ng BSP sa mga nabanggit na sangay ng Pamahalaan ang mga kaganapan sa pambansang ekonomiya at pananalapi, ang pampananalaping kaayusan ng Pilipinas, ang pampinansyal na katayuan ng BSP pati na ang mga patakarang isinagawa upang matupad ang pangunahing tungkulin nito. Bukod dito, ang BSP ay kinakailangang makilahok sa mga pagpupulong ukol sa tamang paggugol ng kabang-bayan.

24. ***Kailangan bang baguhin o amyendahan ang The New Central Bank Act o BSP Charter (ang batas na sumasaklaw sa mga gawain, tungkulin at kapangyarihan ng BSP) upang magamit ng Pamahalaan ang GIR ng BSP?***

Hindi. Ang pagbabawal ng *BSP Charter* sa pakikilahok ng BSP at paggamit ng kapital at nalikom na foreign exchange sa tinatawag na *development financing* (nabanggit sa Tanong Blg. 18) ay bunga ng mga mahahalagang aral na natutunan ng BSP sa pagugol sa mga pangkaunlarang proyekto ng Pamahalaan noong nakaraan. Ito ang nagdulot ng lubhang pagkalugi ng dating *Central Bank of the Philippines* at muling pagtatag nito bilang Bangko Sentral ng Pilipinas noong 1993.

Ang paggamit ng GIR ng BSP maliban sa itinatakda ng batas ay maaaring makahadlang sa pagkakaroon ng matatag ng pambansang pamilihan ng salaping banyaga (*foreign exchange market*) at sapat na pagkukunan ng *foreign exchange* na pambayad ng Pilipinas sa mga kalakal na inaangkat mula sa ibang bansa (*imports*) at sa mga panlabas na utang o bayarin (*external obligations*) nito sa panahon ng krisis.

Dagdag dito, ang pagkuha ng pondo mula sa GIR upang gamiting pambayad sa utang panlabas o pantustos sa proyektong pangkaunlaran ng Pamahalaan ay may di mabuting dulot sa dami ng salapi na umiikot sa bansa. Kung gugugulin ang GIR sa pagbabayad ng utang panlabas, malaki itong kabawasan sa nakatabing dolyar ng BSP at sa pisong umiikot sa loob ng bansa. Kung gagamitin naman ang GIR sa mga proyektong pangkaunlaran, lubhang dadami naman ang salaping papasok at iikot sa sistema na maaaring magdulot ng *high inflation* o mabilis na pagtaas ng mga bilihin at serbisyo. Kung isasaalang-alang ang kasalukuyang kapital ng BSP na umaabot

lamang sa 20 bilyong piso, maaaring di sapat ang kakayahan ng BSP na matugunan ang mga suliraning ito.

Walang katiyakan din kung mababawi ng BSP ang *foreign exchange* na ipinahiram nito sa Pamahalaan sapagkat ang mga pampublikong imprastrakturang paggagamitan nito ay inaabot ng matagal ng panahon bago kumita.